

# METHUSELAH

LOUISE VINCENT B. AMANTE

labis na'ng kanyang pagtitiis na huwag isiwalat  
ang kanyang nalalaman, at maging sa mga karaniwan  
niyang gawain ay ginagambala siya ng mga pangitain  
at alaalang kikip niya sa mahabang panahon.  
siya na inatasang isilid sa kanyang gunita  
ang mga lihim ng kanilang lahi. at sa oras  
na ang mga ito'y mabunyag, kapahamakan ang lalapit  
sa kanyang mga kababayan. ayaw niyang humantong  
sa malagim na wakas ang kanilang kasaysayan at kabihasan.

ngunit sadyang napakabigat na ng kanyang dalahin.  
lumisan siya isang araw at inakyat ang tuktok  
ng pinakamataas na bundok ng kanilang mundo.  
naroon ang isang matandang puno na kung tawagi'y  
Methuselah. umukit siya roon ng isang maliit at malalim  
na butas at doon niya ibinulong, ibinuhos ang lahat  
ng lihim na kanyang iningatan. saka siya dumura sa lupa,  
hinalo ang laway at lupa't tinakpan ang butas  
na iyon ng putik. lumulutang siya sa hangin  
habang bumababa sa bundok na yaon.

hindi na niya nasaksihan ang unti-unting pagpanaw  
ng mga dahon ng punong Methuselah. #